

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG NUEVA ECIJA
LUNGSOD AGHAM NG MUÑOZ
Barangay ng Maligaya
-oOo-

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MALIGAYA, LUNGSOD AGHAM NG MUÑOZ, NA GINANAP SA GUSALI NG PAMAHALAANG BARANGAY NOONG HULYO 4, 2011. SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

MGA DUMALO:

G. NORMAN C. OLIMPO
Punong Barangay at
Tagapangulo

MGA KAGAWAD:

G. JUANITO LUQUIAS
G. PATRICIO ANTOLIN
G. REYNALDO DOMINGO
G. JEFFREY CORPUZ

G. ROGER GAGELONIA
G. APOLINARIO MAGDANGAL
G. VIRGILIO REVINA
G. MARK ERREL NARCA (SK)

HINDI DUMALO:

W A L A

RESOLUSYON BLG. 24, S-2011

Isang resolusyon ng kagalang-galang na Konseho ng Barangay Maligaya ng Science City ng Muñoz na nagpapahayag ng buong pagsuporta sa mga siyentista ng Philippine Rice Research Institute (PhilRice) sa kanilang pagsasaliksik sa larangan ng henesis (genetics) ng palay, upang makalikha ng mga uri o barayti (variety) nito na may magagandang katangian – tulad ng may mas mataas na ani o may karagdagang benepisyo pangkalusugan – lalo na ang pananaliksik sa paglikha ng *Golden Rice (GR)*, isang uri ng “genetically modified” (GM) na palay o palay na pinagbuti sa pamamagitan ng makabagong bioteknolohiya, upang ito ay sangkapan ng mataas na antas ng beta-carotene na mahusay na pinanggagalingan ng bitamina A.

KUNGSAAAN, ang kakulangan ng bitamina A sa isang tao ay napatunayang nakakapagdulot ng pagkabulag, pagbaba ng kabuuang resistensya laban sa sakit, malnutrisyon, at pagkamatay.

KUNGSAAAN, batay sa mga opsiyal na sarbey ng pamahalaan ay napag-alaman na mataas ang antas ng kakulangan ng bitamina A sa maraming rehiyon sa Pilipinas, lalong-lalo na sa mga mahihirap na lugar kung saan mas apektado ang mga sanggol, mga bata, mga nagdadalang-tao, at mga bagong silang na ina.

KUNGSAAAN, ang PhilRice ang kinikilalang ahensya ng pamahalaan na nagtataguyod ng mahusay na pananaliksik sa palay sa mahaba nang panahon upang makalikha ng mga katangi-tanging barayti nito tulad ng palay na may mas mataas na ani at napapanatiling masarap pa rin sa panlasa, palay na may resistensya laban sa mga peste nito, at palay na pinag-inam ng karagdagang mga masustansyang sangkap.

KUNGSAAAN, sa pangunguna ng mga siyentista ng PhilRice, may mga kasalukuyang pananaliksik upang makalikha, sa pamamagitan ng makabagong bioteknolohiya, ng bigas na sinangkapan ng beta-carotene na mahusay na pinanggagalingan ng bitamina A.

KUNGSAAAN, sa pangunguna pa rin ng mga siyentista ng PhilRice, may iba pang mahahalagang pananaliksik na itinataguyod ang ahensya upang makalikha ng mga bagong barayti ng palay sa pamamagitan ng makabagong bioteknolohiya na magreresulta sa palay na may resistensya laban sa peste, palay na mas mataas ang ani, palay na masarap sa panlasa, at iba pang magagandang katangian.

KUNGSAAAN, batay na rin sa pambansang regulasyon na pinapatupad ng Kagawaran ng Pagsasaka upang mapatunayang ligtas ang mga halaman na nilikha mula sa makabagong bioteknolohiya tulad ng Golden Rice, ang mga ganitong halaman ay inatasang dumaan sa mga siyentipikong pagsusuri; at sa kasalukuyan ay isasailalim na ang Golden Rice sa tinatawag na *field trial* o ang pagsusuri ng pananim sa aktwal na kondisyon ng sakahan pagkatapos nitong masuri at makapasa sa kondisyon ng laboratoryo.

KUNGSAAAN, ang isang sakahan na matatagpuan sa Barangay Maligaya sa Science City ng Muñoz ay napili ng PhilRice bilang isa sa apat na pagdadausan ng field trial ng Golden Rice, kung ibibigay ng Konseho ng Barangay Maligaya ang kanyang pahintulot at suporta.


KUNGKAYA, sa pagbibigay konsiderasyon sa mga nabangit sa itaas, ukol sa nagkakaisang desisyon ng lahat ng kasalukuyang miyembro ng Kagalangalang na Konseho ng Barangay Maligaya ng Science City ng Muñoz na nagtipon ay;

NAPAGPASYAHAN, na ibigay ng Konseho ang kanyang buong pagsuporta sa mga siyentista ng Philippine Rice Research Institute (PhilRice) upang ipagpatuloy ang kanilang pananaliksik sa Golden Rice bilang isang uri ng palay na nilikha sa pamamagitan ng makabagong biotechnolohiya upang magkaroon ng beta-carotene na pinagmumulan ng bitamina A at pahintulatang isagawa ang field trial nito dito sa Barangay Maligaya.


AT NAPAGPASYAHAN PA, na ang kopya ng Resolusyong ito ay ipagbigay-kopya sa opisina ni Kgg. Efren L. Alvarez, D.Hum, ang Philippine Rice Research Institute (PhilRice), Brgy. Maligaya, Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija at lahat ng opisina at ahensya na kinauukulan para sa kanilang kaalaman at tamang aksyon.

PINAGTITIBAY.

Pinatitibayang tama:



NORMAN C. OLIMPO
Punong Barangay at
Pangulo ng Pulong

PINATUTUNAYAN ko ang katumpakan ng
ng nakalipas na Katikikan.


EDWIN SUYAT
Kalihim

NAGKAISANG SUMANG-AYON:

KGD. JUANITO M. LUQUIAS




KGD. PATRICIO P. ANTOLIN




KGD. ROGER A. GAGELONIA




KGD. APOLONIO E. MAGDANGAL




KGD. REYNALDO V. DOMINGO




KGD. VIRILIO DC. REVINA



KGD. JEFFREY B. CORPUZ



G. MARK ERREL NARCA (SK)


mchanca